


5

# Arts

## Ikaapat na Markahan Modyul 5: Paggawa ng Mobile Art



**Arts – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Paggawa ng Mobile Art  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marife F. Escosora  
**Editors:** Mariel A. Alla, Eden Lynne V. Lopez  
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Frolomea Narra T. Tañiza  
**Tagaguhit:** Jay Ann V. Serot  
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez  
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma  
Bebiano I. Sentillas  
Rosemarie M. Guino  
Joy B. Bihag  
Ryan R. Tiu  
Nova P. Jorge  
Raul D. Agban  
Lorelei A. Masias  
Josemilo P. Ruiz  
Shirley L. Godoy  
Eva D. Divino  
Jo-ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte  
Telefax: (053) 832-2997  
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

**5**

# **Arts**

## **Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Paggawa ng Mobile Art**

## **Paunang Salita**

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Likas sa atin ang pagkamalikhain. Gumagawa tayo ng mga bagay na nakapagpapasaya sa atin. Ilan sa mga ito ay ang paggawa ng mga palamuti para sa ating tahanan. Sa tulong nito, lubusan nating naipakikita sa iba ang ating saloobin. Isa na rito ang paggawa ng mobile art.

Sa modyul na ito tayo ay makapapakita ng ating pagkamalikhain sa paggawa ng mobile art na may iba't ibang kulay at hugis (A5PL-IVe). Tayo ay inaasahan na magagawa ang mga sumusunod:

- a. Nakasusunod sa mga hakbang sa paggawa ng mobile art.
- b. Naipakikita ang pagkamalikhain sa paggawa ng mobile art na may iba't ibang kulay at hugis.
- c. Nabibigyang halaga ang kalikasan sa pamamagitan ng paggawa ng likhang sining gamit ang mga patapong gamit.



## ***Subukin***

A. Panuto: Bilugan ang mga bagay sa loob ng kahon na maaaring gamitin sa paggawa ng recycled art/mobile art.

lata	alambre	dyaryo	sanga	tansan
walis	cardboard	bote	mesa	yarn

B. Ano sa iyong palagay ang pinakamahalagang hakbang upang maipakita ang pagkamalikhain sa paggawa ng isang recycled art?

---

---

---

## Aralin

# 1

## Paggawa ng Mobile Art

Mahalaga ang kaalaman sa pagkilala sa mga kagamitan sa paggawa ng mobile art upang magkaroon ng mahabang oras at panahon sa paghahanda bago gumawa ng likhang-sining.



### *Balikan*


**Panuto:** Basahing Mabuti ang sumusunod na pangungusap. Isulat ang **T** sa patlang kung ito ay nagsasabi ng totoo tungkol sa 3D art **H** naman kung hindi. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang 3D art ay may anyong pangharap, tagiliran at likuran.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang palayok ay isang halimbawa ng 3D art.
- \_\_\_\_\_ 3. Isa sa mga kagamitan sa paggawa ng 3D art ay lumang papel.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang 3D art ay maaaring malayang makatayo.
- \_\_\_\_\_ 5. Hindi na kailangan ang sapat na balanse sa isang 3D art.



## **Tuklasin**

Pansining mabuti ang larawan ng isang halimbawa ng mobile art at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



(Juliet Christine 2010)

Ano-anong art principles ang ginamit sa pagsasaayos ng mga art elements sa gawang sining sa larawan?

---

Anu-anong kagamitan ang ginamit upang maging balanse ito?

---

Ano ang dapat isaalang-alang sa paggawa ng mobile art upang maipakita ang pagiging malikhain?

---



## **Suriin**

Ang Pilipinas ay mayaman sa mga katutubong sining o kilala bilang tradisyonal na sining. Ito ay makikita sa mga kanayunan na ginagawa ng mga mamamayan bilang bahagi ng pang-araw-araw na gawain sa paglikha ng iba't ibang bagay para sa sariling pangangailangan o gamit sa mga pagdiriwang.

Ang mga uri ng sinig na katulad nito ay nabibilang sa 3D o three-dimensional art. Ito ay maaaring malayang makatayo, may taas at lapad, at may anyong

pangharap, tagiliran, at likuran. Kinakilangan ang sapat na balanse sa isang 3D art. Ang mga kagamitan sa paggawa nito ay maaaring luwad, kahoy, hibla ng halaman, lumang papel, at iba pa. kabilang sa halimbawa ng 3D art ay ang mobile art o gumagalaw na sining, paghulma ng palayok, at paggawa ng mga paper bead.

Nakakita ka na ba ng mga palamuting sinasabit at gumagalaw? Ang tawag dito ay mobile art. Karaniwan itong nabibili sa mga art store, décor shop at tindahan ng gamit pansanggal. Ito ay lubusang mahahangaan kung ito ay nakasabit sa maaliwalas na lugar.

Ang mobile art ay isang uri ng kenetikong eskultura na kung saan ang mga bagay ay isinasabit sa mga tali, kawad at kabilya upang malayang makagalaw at makaikot. Ginagamit itong pandekorasyon sa mga tahanan o maging sa paaralan.

Upang maging makabuluhan ang paggawa ng mobile art ay kailangang lagyan ng diwa tulad ng pangangalaga sa kalikasan, pagpapahayag ng yaman ng kultura, o pagsasalaysay ng isang kuwento<sup>(1)</sup>. Mas mabuti ring gumamit ng mga bagay na nagamit na at maaaring i-recycle upang mabigyan ng bagong buhay<sup>(2)</sup>. Maaari ring gumamit ng mga found object o mga bagay na napulot mula sa paligid tulad ng mga kabibe, maliliit na bato, at iba pa<sup>(3)</sup>. Ang iyong pagiging malikhain ang matatag na pagmumulan ng magandang mobile art na magagawa<sup>(4)</sup>

Mahalaga ang kaalaman sa pagkilala sa mga kagamitan sa paggawa ng mobile art upang magkaroon ng mahabang oras at panahon sa paghahanda bago gumawa ng likhang-sining<sup>(5)</sup>.

Mga kagamitan:

- A. Lumang sanga ng kahoy na maari mong napulot sa hardin o kahuyan
- B. Lumang laso o yarn at ibang sinulid o tali
- C. Mga nakolektang lumang bagay (mga butones, lumang susi maliliit na bote at iba pa.
- D. Gunting

Mga Hakbang sa paggawa ng Mobile Art

1. Ihanda at linisin ang mga nakolektang bagay-bagay. Maari itong hugasan at patuyuin, punasan ng basahan, o linisin ang gamit ang lumang *brush*
2. Ayusin ang mga bagay na isasabit sa mobile art.
3. Isahang talian at isabit sa lumang sanga ang mga nakolektang lumang bagay. Lagyan ng wastong pagitan, at magkakaibang haba ang mga isasabit na bagay upang magkaroon ng pagkakaibang lalim sa paningin ang mobile art.



4. Isaalang-alang ang pagkakatabi ng mga makinis at magaspang na bagay pati na rin ang maliit at malalaking bagay upang magkaroon ng magandang kabuuan.
5. Isabit ang nagawang mobile art sa maaliwalas na lugar. Tingnan muna kung ito ay balanse at umiikot.



## Pagyamanin

### Gawain 1. Isunod sunod mo!

**Panuto:** Sa loob ng kahon ay *jumbled* na hakbang sa paggawa ng mobile art. Pagsunod-sunurin ito at isulat sa iyong sagutang papel.

- A. Isaalang-alang ang pagkakatabi ng mga makinis at magaspang na bagay pati na rin ang maliit at malalakig bagay upang magkaroon ng magandang kabuuan.
- B. Isabit ang nagawang mobile art sa maaliwalas na lugar. Tingnan muna kung ito ay balanse at umiikot.
- C. Ihanda at linisin ang mga nakolektang bagay-bagay. Maari itong hugasan at patuyuin, punasan ng basahan, o linisin ang gamit ang lumang brush
- D. Ayusin ang mga bagay na isasabit sa mobile art.
- E. Isahang talian at isabit sa lumang sanga ang mga nakolektang lumang bagay. Lagyan ng wastong pagitan, at magkakaibang haba ang mga isasabit na bagay upang magkaroon ng pagkakaibang lalim sa paningin ang mobile art.

\_\_\_ 1

\_\_\_ 4.




\_\_\_ 2.

\_\_\_ 5.


\_\_\_ 3.

### Gawain 2. Ipakita mo!

Panuto: Ipakita ang iyong pagkamalikhain sa pamamagitan ng pagbuo ng sariling disenyo ng mobile art gamit ang mga sumusunod na materyales.



Gumawa ng sketch sa gagawing mobile art sa loob ng kahon. Kulayan alinsunod sa kulay ng materyales na gagamitin. Isaayos ang mga art elements sa pamamagitan ng mga art principles upang makabuo ng disenyo para sa mobile art. Gumamit ng teorya ng kulay.



**Gawain 3. Pahalagahan mo!**

**Panuto:** Bilang isang mag-aaral paano mo mabibigyang halaga ang kalikasan sa pamamagitan ng iyong likhang sining?

---

---

---



***Isaisip***

Ang natutunan ko sa modyul na ito ay \_\_\_\_\_

---

---



## ***Isagawa***

**Panuto:** Gagawa ka ngayon ng sarili mong mobile art gamit ang mga materyales na may pagpapahalaga sa kalikasan tulad ng recycled materials. Sundin ang wastong hakbang sa paggawa nito na iyong natutunan. Sumangguni sa Rubriks na makikita sa susi ng pagwawasto para sa kaukulang puntos.



## ***Tayahin***

I. **Panuto:** Pagsunod-sunurin ang mga hakbang sa paggawa ng mobile art. Lagyan ng bilang 1-5 ang patlang. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ Ayusin ang mga bagay na isasabit sa mobile art.
- \_\_\_\_\_ Isahang talian at isabit sa lumang sanga ang mga nakolektang lumang bagay. Lagyan ng wastong pagitan, at magkakaibang haba ang mga isasabit na bagay upang magkaroon ng pagkakaibang lalim sa paningin ang mobile art.
- \_\_\_\_\_ Isabit ang nagawang mobile art sa maaliwalas na lugar. Tingnan muna kung ito ay balanse at umiikot.
- \_\_\_\_\_ Isaalang-alang ang pagkakatabi ng mga makinis at magaspang na bagay pati na rin ang maliit at malalakig bagay upang magkaroon ng magandang kabuuan.
- \_\_\_\_\_ Ihanda at linisin ang mga nakolektang bagay-bagay. Maari itong hugasan at patuyuin, punasan ng basahan, o linisin ang gamit ang lumang brush.

II. **Panuto:** Kulayan ng dilaw ang kamay kung ang isinasaad ng sumusunod na pangungusap tungkol sa paggawa ng likhang sining na may pagpapahalaga sa kalikasan kulayan naman ng pula kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



6. Ang mga bagay na patapon na ay hindi maaaring gawing mobile art.



7. Nagiging makabuluhan ang paggawa ng mobile art kung ito ay lalagyan ng diwa tulad ng pangangalaga sa kalikasan



8. Sa paggawa ng mobile, mas mabuting gumamit ng mga bagay na nagamit na at maaaring i-recycle upang mabigyan ng bagong buhay.



9. Kapag hindi maganda ang iyong mobile art maaari mo itong sunugin o di kaya ay itapon sa basurahan.



10. Ang mobile ay lubusang mahahangaan kung ito ay nakasabit sa maaliwalas na paligid o lugar.







## ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Gumawa ng isang *advertisement/announcement poster* tulad ng “SINING SA BASURA” kung saan hinihikayat mo ang mga kaklase o kaibigan na maghanap ng mga recycled o patapong mga bagay na maaari pang pakinabangan at gawing mobile art. Kung isang poster ang magawa maaari na itong isang panibagong mobile art. Isumiti sa iyong guro ang nagawang likhang sining.



# Susi sa Pagwawasto

- TAYAHIN**
- I.
    1. 5
    2. 4
    3. 3
    4. 2
    5. 1
  - II.
    6. 
    7. 

8. 
9. 

10. 

**ISAGAWA**  
Iba ibang tugon

**ISAISIP**  
Ang natutunan ko sa araling ito ay ang ibat ibang kulay komplementaryo at analogo, natutunan ko rin ang kahalagahan ng mga hugis at tamang balanse sa paglikha ng isang sining.

**Gawain 2**  
\*Depende sa output ng mag-aaral  
**Gawain 3**  
\*Depende sa tugon ng mag-aaral

- PAGYAMANIN**
1. C
  2. D
  3. E
  4. A
  5. B

**TUKLASIN**  
Depende sa tugon ng mag-aaral

- BALIKAN**
1. T
  2. T
  3. T
  4. T
  5. H

**SUBUKIN**

A. lata      alambre      cardboard      dyaryo  
 B. Depende sa tugon ng mag-aaral

bote      sanga      tansan      yarn

Rubriks sa Isagawa: Paggawa ng mobile art					
SUKATAN	1	1	Gumamit ng iisang hugis at kulay lamang	1	1. Nakapagpakita ng pagkamalikhain sa paggawa ng mobile art na may iba't ibang kulay at hugis
		2	Gumamit ng 2-3 hugis at kulay	2	2. Nakasunod ng isa sa mga panuto ay hindi nasunod
Iskor	3	3	Gumamit ng maraming kulay	3	3. Nakagawa ng Hindi gumamit ng patapong bagay
		4	Gumamit ng maraming kulay at hugis na may harmonya	4	4. Nakagawa ng mobile art. paggawa ng panuto sa wasto sa mga panuto ay nasunod
Nakasunod	sa	pamantayan subalit may pamantayan ilang pagkukulang	Nakasunod sa pamantayan subalit may pamantayan ilang pagkukulang	Nakasunod sa pamantayan subalit may pamantayan ilang pagkukulang	Nakasunod sa pamantayan subalit may pamantayan ilang pagkukulang

## **Sanggunian**

- Hazel P. Copiaco at Emilio S. Jacinto. Halinang Umawit at Gumuhit 5 Textbook. Vibal Group Incorporated. 2016. Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines.
- charlotteclareking0. 2020. "Craft,Project,Make,Willow,Mobile - Free Image From Needpix.Com". *Needpix.Com*. Accessed December 2. <https://www.needpix.com/photo/369087/craft-project-make-willow-mobile-wire-free-pictures-free-photos-free-images>. Accessed 2 December 2020.
- Handaculture. 2015. "File:Paper Beads.Jpeg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*. [https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paper\\_beads.jpeg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paper_beads.jpeg). Accessed 2 December 2020.
- pvdberg. 2018. <https://pixabay.com/photos/mobile-windspiel-decoration-art-3416843/>. Accessed 2 December 2020.
- Museo de Arte Popular. 2011. "File:Alebrijes Talleres 2MAP.Jpg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*. [https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Alebrijes\\_Talleres\\_2MAP.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Alebrijes_Talleres_2MAP.jpg). Accessed 2 December 2020.
- Toner, Lucy. 2020. "Girl,Art,Play,Making,Paint - Free Image From Needpix.Com". *Needpix.Com*. Accessed December 2. <https://www.needpix.com/photo/1335231/girl-art-play-making-paint-papiermache-child-artist-colourful>.
- Julietchristine. 2010. "File:Modern Mobile-Art Mobiles Mobius.Jpg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*. [https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Modern\\_mobile-art\\_mobiles\\_mobius.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Modern_mobile-art_mobiles_mobius.jpg). Accessed 2 December 2020.
- "Garbage Magazine Clipart. Free Download Transparent .PNG | Creazilla". 2020. *Creazilla.Com*. Accessed December 2. <https://creazilla.com/nodes/36795-garbage-magazine-clipart>. <https://publicdomainq.net/>
- "Fat Yellow Pencil Clipart. Free Download Transparent .PNG | Creazilla". 2020. *Creazilla.Com*. Accessed December 2. <https://creazilla.com/nodes/31443-fat-yellow-pencil-clipart>
- Clker-Free-Vector-Images. 2012. <https://pixabay.com/vectors/hanger-wooden-brown-clothing-coat-29414/>. Accessed 2 December 2020.
- "Scissors Clipart. Free Download Transparent .PNG | Creazilla". 2020. *Creazilla.Com*. Accessed December 2. <https://publicdomainq.net/>
- "Yarn Balls And Knitting Needles Clipart. Free Download Transparent .PNG | Creazilla". 2020. *Creazilla.Com*. Accessed December 2. <https://creazilla.com/nodes/38257-scissors-clipart>. <https://creazilla.com/nodes/77763-yarn-balls-and-knitting-needles-clipart>
- "Hand Clipart. Free Download Transparent .PNG | Creazilla". 2020. *Creazilla.Com*. Accessed December 2. <https://creazilla.com/nodes/37007-hand-clipart>. <https://publicdomainq.net/>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)